

Form ng Reklamo

Mga Tagubilin: Kung gusto mong magpasa ng isang Titolo VI na reklamo sa Puget Sound Regional Council, mangyaring punan ang form sa ibaba at ipadala ito sa: Puget Sound Regional Council, Attn: Michele Leslie, 1011 Western Avenue, Suite 500, Seattle, WA 98104. Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan kay Michele Leslie sa (206) 587-4819 o mleslie@psrc.org. Para sa kopya ng buong Plano ng Titolo VI ng PSRC o Paunawa sa Publiko, tingnan ang aming Web site sa <http://www.psrc.org>, o makipag-ugnayan sa aming Information Center sa (206) 464-7532 o info@psrc.org.

1. Pangalan (Nagrereklamo):	2. Telepono:	3. Tirahan (kalye #, lungsod, estado, zip):												
4. Kung naaangkop, pangalan ng (mga) tao na di-umano'y gumawa ng diskriminasyon laban sa iyo:														
5. Lokasyon at posisyon ng (mga) tao kung kakilala:		6. Petsa ng di-umano'y insidente:												
<p>7. Diskriminasyon dahil sa:</p> <table border="0"> <tr> <td><input type="checkbox"/> Lahi / kulay Vietnam</td> <td><input type="checkbox"/> Kasarian (kabilang ang sexual harassment)</td> <td><input type="checkbox"/> Beterano sa Panahon ng</td> </tr> <tr> <td><input type="checkbox"/> Bansang pinagmulan</td> <td><input type="checkbox"/> Sekswal na oryentasyon</td> <td><input type="checkbox"/> Baldadong Beterano</td> </tr> <tr> <td><input type="checkbox"/> Pananampalataya / relihiyon Paghihiganti</td> <td></td> <td><input type="checkbox"/> Marital status <input type="checkbox"/></td> </tr> <tr> <td><input type="checkbox"/> Kapansanan</td> <td><input type="checkbox"/> Edad</td> <td></td> </tr> </table>			<input type="checkbox"/> Lahi / kulay Vietnam	<input type="checkbox"/> Kasarian (kabilang ang sexual harassment)	<input type="checkbox"/> Beterano sa Panahon ng	<input type="checkbox"/> Bansang pinagmulan	<input type="checkbox"/> Sekswal na oryentasyon	<input type="checkbox"/> Baldadong Beterano	<input type="checkbox"/> Pananampalataya / relihiyon Paghihiganti		<input type="checkbox"/> Marital status <input type="checkbox"/>	<input type="checkbox"/> Kapansanan	<input type="checkbox"/> Edad	
<input type="checkbox"/> Lahi / kulay Vietnam	<input type="checkbox"/> Kasarian (kabilang ang sexual harassment)	<input type="checkbox"/> Beterano sa Panahon ng												
<input type="checkbox"/> Bansang pinagmulan	<input type="checkbox"/> Sekswal na oryentasyon	<input type="checkbox"/> Baldadong Beterano												
<input type="checkbox"/> Pananampalataya / relihiyon Paghihiganti		<input type="checkbox"/> Marital status <input type="checkbox"/>												
<input type="checkbox"/> Kapansanan	<input type="checkbox"/> Edad													
<p>8. Ipaliwanag hangga't maaari sa madaling sabi at malinaw kung ano ang nangyari at paano ka naniniwala na may ginawang diskriminasyon laban sa iyo. Tukuyin kung sino ang kasangkot. Tiyakin na isama kung ano ang nararamdaman mo sa kakaibang pakikitungo sa ibang tao bukod sa iyo. Gayun din, ilakip ang anumang nakasulat na materyales na nauukol sa iyong kaso.</p>														

PAKIKUMPLETO ANG PAHINA 2 NG FORM NA ITO

KARAGDAGANG IMPORMASYON:

9. Bakit naniniwala kang nangyari ang mga kaganapang ito?

10. Ano pang ibang impormasyon ang inaakala mong may kaugnayan sa imbestigasyon?

11. Paano malulutas ang (mga) isyu na ito sa iyong kasiyahan?

12. Pakilista sa ibaba ang sinumang (mga) tao na maaari naming maka-ugnayan para sa karagdagang impormasyon upang suportahan o linawin ang iyong reklamo (mga saksi, kapwa empleyado, mga superbisor, at iba pa):

Pangalan:

Titulo sa trabaho:

Tirahan:

Numero ng telepono:

Lagda:

Petsa:

Pamamaraan ng Reklamo

Nalalapat ang mga pamamaraang ito sa lahat ng mga reklamo na isinampa sa ilalim ng Titulo IV ng Civil Rights Act ng 1964 [kabilang ang Disadvantaged Business Enterprises (DBE) at Equal Employment Opportunity (EEO) na bahagi nito], Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, ang Civil Rights Restoration Act ng 1987 at ang Americans with Disabilities Act ng 1990 na may kaugnayan sa anumang programa o aktibidad na pinangangasiwaan ng PSRC o ang mga pangalawang tumatanggap, consultant, at/o kontratista nito. Ipinagbabawal ng batas ang anumang uri ng pananakot o paghihiganti.

Hindi ipinagkakaila ng mga pamamaraang ito ang karapatan ng nagrereklamo na magsampa ng mga pormal na reklamo sa ibang estado o mga ahensyang pederal, o upang humanap ng pribadong tagapayo para sa mga nagrereklamo ng di-umano'y diskriminasyon. Bahagi ang mga pamamaraang ito ng prosesong administratibo na hindi nagbibigay ng mga remedyo kabilang ang mga pampahirap na danyos o nauukol na kabayaran para sa nagrereklamo.

Gagawin ang lahat ng pagsisikap upang makakuha ng maagang resolusyon ng mga reklamo sa pinakamababang antas hangga't maaari. Maaaring gamitin para sa resolusyon, sa anumang yugto ng proseso, ang opsyon na (mga) pulong ng impormal na pamamagitan sa pagitan ng mga apektadong partido at ang Coordinator ng Titulo VI. Sisikapin ng Titulo VI na Coordinator na ituloy ang isang resolusyon sa reklamo. Hihiling ng impormasyon tungkol sa partikular na hiniling na tulong at mga pagkakataon ng kasunduan ang paunang panayam sa nagrereklamo at sa inirereklamo.

Pamamaraan

1. Maaaring magsampa ng nakasulat na reklamo sa Coordinator ng Titulo IV ng PSRC ang sinumang indibidwal, grupo ng mga indibidwal, o entidad na naniniwalang sila ay sumailalim sa diskriminasyon na ipinagbabawal ng mga probisyon ng walang diskriminasyon ng Titulo IV. Dapat isampa sa loob ng 180 araw ng kalendaryo ang isang pormal na reklamo ng di-umano'y naganap na diskriminasyon na nalaman ng nagrereklamo. Dapat matugunan ng reklamo ang mga sumusunod na pangangailangan:
 - a. Dapat nakasulat ang reklamo at may lagda ng (mga) nagrereklamo.
 - b. Ilagay ang petsa ng di-umano'y paggawa ng diskriminasyon (petsa kung kailan nabatid ng (mga) nagrereklamo ang di-umano'y diskriminasyon; o ang petsa kung kailan itinigil ang paggawa niyon o ang pinakahuling pagkakataon na ginawa iyon).
 - c. Ilahad ang detalyadong paglalarawan ng mga isyu, isama ang mga pangalan at titulo sa trabaho ng mga taong nakikitang mga partido sa inirereklamong insidente.
 - d. Kikilalanin at ipoproseso ang mga alegasyon na natanggap sa pamamagitan ng fax o e-mail, matapos na ang (mga) pagkakakilanlan ng (mga) nagreklamo at ang layunin na magpatuloy sa reklamo ay naitatag. Para dito, kinakailangan na ipadala ng nagreklamo sa pamamagitan ng koreo ang nilagdaan at orihinal na kopya ng fax o e-mail na ipinadala sa PSRC upang ito ay maproseso.
 - e. Ang mga alegasyon na natanggap sa telepono ay isusulat at ibibigay sa nagreklamo para kumpirmahin o baguhin bago ito maproseso. Ipapadala ang isang form ng reklamo sa nagrereklamo upang ito ay kanyang kumpletuhin, lagdaan at ibalik sa PSRC para sa pagpoproseso.
2. Matapos matanggap ang reklamo, aalamin ng Coordinator ng Titulo VI ang kanyang kapangyarihan, pagkatanggap at pangangailangan ng karagdagang impormasyon, gayun din ay iimbestigahan ang merito ng reklamo. Sa mga pagkakataon na kung saan ang reklamo ay labag sa isa sa mga pangalawang tumatanggap ng mga pederal na pondo ng PSRC, gagampanan ng PSRC ang kapangyarihan at mag-iimbestiga at gagawa ng pormal na paghatol sa kaso. Isasangguni ang mga reklamo laban sa PSRC sa Office of Equal Opportunity (OEO) ng Washington State Department of Transportation (WSDOT), sa Federal Highway Administration o sa Federal Transit Administration, kung naaangkop, para sa karampatang disposisyon alinsunod sa kanilang mga pamamaraan. Sa mga espesya na kaso na gumagarantiya ng interbensyon upang matiyak ang katarungan, maaaring gampanan ng mga ahensyang ito at alinman ay kumpletuhin o kumuha ng mga serbisyo upang suriin o imbestigahan ang mga usapin.
3. Upang matanggap, dapat matugunan ng reklamo ang mga sumusunod na saligan:
 - a. Dapat isampa sa loob ng 180 araw ng kalendaryo ng di-umano'y pangyayari o kung kailan na ang di-umano'y diskriminasyon ay nalaman ng nagrereklamo.
 - b. Kailangan na may sakop na batayan ang (mga) alegasyon tulad ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan o paghihiganti.

- c. Kailangan na ang (mga) alegasyon ay may programa o aktibidad ng isang tumatanggap ng tulong ng Pederal, pangalawang tumatanggap, o kontratista, o sa mga kaso ng mga alegasyon ng ADA, isang entidad na bukas sa publiko.
- d. Dapat tanggapin ng (mga) nagreklamo ang makatwirang kalutasan batay sa kapangyarihang administratibo ng PSRC (ang pagkamakatwiran ay pagpapasiyahan ng PSRC).

Pahina 3 ng 4

4. Maaaring mapawalang-saysay ang isang reklamo dahil sa mga sumusunod na dahilan:
 - a. Hihilingin ng nagreklamo ang pag-urong ng reklamo.
 - b. Hindi nakatugon ang nagreklamo sa mga paulit-ulit na mga kahilingan ng karagdagang impormasyon na kinakailangan upang maproseso ang reklamo.
 - c. Hindi matagpuan ang nagreklamo matapos ang mga makatwirang pagtatangka.
5. Matapos magdesisyon ang PSRC o WSDOT na tanggapin ang reklamo para sa imbestigasyon, aabisuhan sa panulat ang nagreklamo at ang inirereklamo ukol sa nasabing pagpapasiya sa loob ng limang araw ng kalendaryo. Tatanggap ng numero ng kaso ang reklamo at pagkatapos ay itatala sa mga talaan ng PSRC o WSDOT na tinutukoy ang batayan nito at ang di-umano'y pinsala, at ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, at kasarian ng nagreklamo.
6. Sa mga kasong ginagampanan ng PSRC ang imbestigasyon ng reklamo, bibigyan ng PSRC ang inirereklamo ng pagkakataong tumugon sa panulat sa mga alegasyon . Mayroong 10 araw ng kalendaryo ang inirereklamo mula sa petsa ng nakasulat na abiso ng pagtanggap ng reklamo ng PSRC na magbigay ng kanyang tugon sa mga alegasyon.
7. Sa mga kasong ginagampanan ng PSRC ang imbestigasyon ng reklamo, sa loob ng 40 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng reklamo, maghahanda ang Imbestigador* ng PSRC ng ulat ng imbestigasyon para sa pagsusuri ng Legal Counsel at Executive Director ng ahensiya. Dapat kasama sa ulat ang pasalaysay na paglalarawan ng insidente, pagkilala sa mga taong napanayam, mga natuklasan at mga rekomendasyon sa pakikipag-ayos.
*Maaaring isa siya sa mga Liaison ng Titulo VI ng PSRC, o Coordinator ng Titulo VI ng PSRC.
8. Ipapadala ang ulat ng imbestigasyon at mga natuklasan sa Legal Counsel ng PSRC para sa pagsusuri. Susuriin ng Counsel ang ulat at mga kaugnay na dokumentasyon at magbibigay ng input sa Imbestigador sa loob ng 10 araw ng kalendaryo.
9. Susuriin ng Imbestigador ng PSRC ang anumang mga puna o rekomendasyon mula sa Legal Counsel ng PSRC. Tatalakayin ng Imbestigador ang ulat at mga rekomendasyon sa Executive Director sa loob ng 10 araw ng kalendaryo. Babaguhin kung kinakailangan ang ulat at tatapusin para mailabas ito.
10. Ipapadala ang huling ulat ng imbestigasyon ng PSRC at ang kopya ng reklamo sa OEO ng WSDOT sa loob ng 60 araw ng kalendaryo ng pagtanggap ng reklamo. Ibabahagi ng OEO ng WSDOT ang ulat sa FHWA at FTA, Washington Division Offices, bilang bahagi ng Taunang Pag-update ng Titulo VI at Ulat ng mga Nagawa.
11. Aabisuhan ng PSRC ang mga partido ukol sa mga paunang natuklasan, na sasailalim sa pagsang-ayon ng OEO ng WSDOT. Ibibigay ng OEO ng WSDOT ang huling desisyon sa PSRC batay sa ulat ng imbestigasyon ng PSRC.
12. Matapos na ibigay ng OEO ng WSDOT ang huling desisyon nito, aabisuhan ng PSRC ang lahat ng partidong sangkot sa naturang pagpapasiya. Hindi sasailalim sa isang apela ang huling pagpapasiya ng WSDOT.
13. Magsisilbi ring husgado ng pag-apela ang WSDOT sa isang nagreklamo na hindi nasiyahan sa kinalabasan ng isang imbestigasyon na ginawa ng PSRC. Susuriin ng WSDOT ang katotohanan ng kaso at ipapadala ang pasiya nito sa nag-aapela alinsunod sa kanilang mga pamamaraan.